## APPLICATION

- Ano ang mga bahagi ng iyong buhay kung saan nahihirapan kang magpatuloy? Isuko ang mga bagay na ito sa Diyos sa panalangin.
- Anong mga pangako mula sa Diyos ang pinanghahawakan mo? Anong mga pahayag sa Bibliya ang nagpapaalala sa iyo sa mga ito?
- Sino sa iyong mga kapamilya at kaibigan ang nangangailangan ng lakas ng loob upang magpatuloy sa pag-alam sa ibinibigay ng Diyos na pag-asa? Mangakong ipapanalangin ito at humanap ng mga pagkakataon upang maipangaral ang ebanghelyo sa kanya.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagtubos Niya sa atin at sa pagkupkop sa atin sa Kanyang pamilya bilang mga anak na may mabuting hinaharap. Ipanalangin na maaalala mo ito araw-araw, lalo na kung makakakita o makakaranas ka ng paghihirap.
- Hingin sa Diyos ang biyaya upang makapagpatuloy ka at magkaroon ng lakas ng loob sa Kanyang mga pangako.
- Ipanalangin ang mga tao at sitwasyon sa paligid mo na nakararanas ng labis na paghihirap. Ihayag ang pag-asa at kalayaan ng Diyos sa kanila.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2020 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph

THE GOSPEL EXPLAINED

# Pag-asa ng Kaligtasan

WEEK 13

## WARM-UP

- Ano ang isang bagay na matagal mo nang hindi nagagawa na nais mo na agad na gawin?
- Balikan ang isang pagkakataon kung saan nagawa mong pumila para sa isang bagay. Ano ang dahilan kung bakit inabangan mo ang bagay na ito?
- Magkuwento tungkol sa isang bagay na pinag-ipunan o pinaghirapan mo.

## WORD

*Para sa akin, ang mga paghihirap sa buhay na ito ay hindi maihahambing sa napakagandang kalagayan na mapapasaatin balang araw.* **MGA TAGA-ROMA 8:18**

(Basahin din ang **MGA TAGA-ROMA 8:18–23.**)

Si apostol Pablo ay nagbigay ng masama at mabuting balita sa bahaging ito ng Mga Taga-Roma. Narito ang masamang balita: lagi tayong makararanas ng paghihirap sa mundong ito dahil sa kasalanan. Ang kasalanan ang dahilan kung bakit ang lahat ng uri ng paghihirap ay nakapasok sa mundo, at maging ang mga nasa kaharian ng Diyos ay hindi makaliligtas dito. Ang balitang ito ay nakalulungkot, subalit, mabuti na lamang at hindi dito nagtatapos ang kuwento. Mayroong magandang balita: sa hinaharap, tutubusin ng Diyos ang Kanyang nilikha, tatanggalin ang kasalanan, at wawakasan ang lahat ng paghihirap! Ang pagkakatubos na ito sa hinaharap ang dahilan kung bakit maraming Kristiyano ang handang dumanas ng mga paghihirap, maging ang kamatayan. Ang katapusan ng kuwento ay tiyak na—*ang napakagandang kalagayan na mapapasaatin balang araw*. Narito ang tatlong bagay na maaari nating matutunan tungkol sa mabuting balita ng pag-asa na mayroon tayo kay Cristo.

## 1 May pag-asa tayo dahil iniligtas tayo ng Diyos.

Ligtas na tayo at naghihintay na lang na maging ganap ang kaligtasang ito. Umaasa tayo dahil wala pa ang inaasahan natin. Aasa pa ba tayo kung nariyan na ang ating inaasahan?

**MGA TAGA-ROMA 8:24**

Nang tanggapin natin si Jesu-Cristo bilang Panginoon at Tagapagligtas, hindi lamang tayo tinubos sa ating nakaraan at nabigyan nang bagong pagkakakilanlan bilang mga anak ng Diyos. Tayo rin ay nakatitiyak sa isang magandang kinabukasan. Tila tulad ito ng pagkakaroon ng mga papeles sa pag-ampon na may pirma, at naghihintay na lamang tayo na dalhin sa ating bagong tahanan kasama ang ating Ama sa langit. Ang ating kaligtasan ang nagbibigay sa atin ng pag-asa. Paano nagbago ang pananaw mo sa buhay matapos mong tanggapin si Cristo bilang iyong Panginoon at Tagapagligtas?

## 2 May pag-asa tayo dahil tinutulungan tayo ng Banal na Espiritu.

*Tinutulungan tayo ng Banal na Espiritu sa kahinaan natin. Hindi natin alam kung ano ang dapat nating ipanalangin, kaya ang Espiritu na rin ang namamagitan sa Diyos para sa atin sa pamamagitan ng mga daing na hindi natin kayang sabihin.*

**MGA TAGA-ROMA 8:26**

Mahirap, o kaya ay imposible, ang magsumikap tungo sa plano at layunin ng Diyos nang wala ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Ang Banal na Espiritu ay nagbibigay sa atin ng kalakasan, humihikayat, nagtuturo sa atin na magkaroon ng pananaw na naaayon sa sinasabi ng Bibliya, at tumutulong upang tayo ay mamuhay ayon sa pamamaraan ng Diyos. Kahit pa hindi natin alam kung ano ang dapat nating ipanalangin, ang Banal na Espiritu ang nananalangin para sa atin at gumagabay sa ating mga panalangin ayon sa kagustuhan ng Diyos. Anuman ang mahirap na sitwasyon na kinalalagyan natin, tandaan na ipinadala ni Jesus ang Banal na Espiritu upang tulungan tayong magtagumpay. Paano ka tinulungan ng Banal na Espiritu upang magkaroon ng pag-asa sa isang mahirap na sitwasyon.

## 3 May pag-asa tayo dahil mayroon tayong mabuting hinaharap.

*[23]At hindi lamang ang buong nilikha, kundi pati tayong mga tumanggap ng Banal na Espiritu na siyang unang kaloob ng Diyos ay dumaraing din habang naghihintay tayo na matubos ang ating mga katawan at mahayag ang ganap na katayuan natin bilang mga anak ng Diyos. . . . [30]Kaya nga, ang mga taong pinili ng Diyos noong una pa ay tinawag niya para maging kanyang mga anak, at ang mga tinawag niya ay itinuring niyang matuwid, at ang itinuring niyang matuwid ay binigyan niya ng karangalan.*

**MGA TAGA-ROMA 8:23,30**

(Basahin ang **MGA TAGA-ROMA 8:23–30.**)

Ang lahat ng katagumpayan at ginagawa ng Diyos na nararanasan natin ngayon ay patikim lamang ng mga gagawin ng Diyos sa atin, para sa atin, at sa pamamagitan natin. Ipinaliwanag ni apostol Pablo sa pahayag na ito na ang pinakamabubuting araw na nagpapakita ng kabutihan ng Diyos ay naghihintay sa atin. Magkakaroon ng bagong langit at bagong lupa. Ang mga mananampalataya ay muling mabubuhay sa kanilang pinabanal na katawan at makararanas ng buhay na walang hanggan. Ang pagdurusa ay may hangganan. Sa halip na tumuon sa kasalukuyang kadiliman, maaari tayong tumingin sa mabuti nating hinaharap nang may pag-asa. Kung ang kasalukuyan ay tila walang pag-asa at imposible, tumingin tayo nang higit pa sa kasalukuyan. May katiyakan ang pangako ng Diyos. Paano binago ng pag-asang ito kung paano mo nakikita ang nakaraan at kung paano ka namumuhay sa kasalukyan?